# Doctrinal Mastery:
# Assessment 2—Gabay sa Pag-aaral

**ALMA 7:11–13 HANGGANG MORONI 10:4–5**

## Isaulo ang mga reference at mahahalagang parirala ng banal na kasulatan

Maging pamilyar sa mga doctrinal mastery scripture reference at mahahalagang parirala ng banal na kasulatan. Maaari mong i-download at gamitin ang Doctrinal Mastery mobile app upang matulungan kang magrebyu.

### Doctrinal Mastery sa Aklat ni Mormon: Alma–Moroni

| Scripture Reference | Mahalagang Parirala ng Banal na Kasulatan |
|---|---|
| Alma 7:11–13 | "At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso." |
| Alma 34:9–10 | "Kinakailangan na may isang pagbabayad-salang gawin, . . . isang walang katapusan at walang hanggang hain." |
| Alma 39:9 | "Huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata." |
| Alma 41:10 | "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan." |
| Helaman 5:12 | "Sa bato na ating Manunubos . . . ninyo kailangang itayo ang inyong saligan." |
| 3 Nephi 11:10–11 | "Aking binata ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay magbuhat pa sa simula." |
| 3 Nephi 12:48 | "Maging ganap na katulad ko, o ng inyong Ama na nasa langit ay ganap." |
| 3 Nephi 27:20 | "Lumapit sa akin at magpabinyag . . . upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo." |
| Eter 12:6 | "Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya." |
| Eter 12:27 | "Kung ang mga tao ay lalapit sa akin . . . sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila." |
| Moroni 7:45–48 | "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo." |
| Moroni 10:4–5 | "[Magtanong] nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo . . . at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay." |

## Gamitin ang doktrina sa mga sitwasyon sa tunay na buhay

Gumamit ng kahit isang doctrinal mastery scripture passage para:

- Ipaliwanag kung ano ang ipinagagawa sa atin ng Diyos para maging marapat sa buhay na walang hanggan.

- Tulungan ang isang tao na gustong malaman kung paano niya mapalalakas ang kanyang patotoo.

- Ipaliwanag ang kahalagahan ng misyon ni Jesucristo bilang ating Tagapagligtas at Manunubos.

- Ipaliwanag kung ano ang magagawa ng Tagapagligtas para matulungan tayo sa ating mga hamon o tukso.

Maging handang ibahagi kung alin sa mga doctrinal mastery passage ang lubos na nakaimpluwensya sa iyo at bakit.

## Mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman

Rebyuhin ang talata 5–12 sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" ng *Doctrinal Mastery Core Document* (2023). Pag-isipan kung paano mo magagamit ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman para tulungan ang isang tao na madaig ang isang hamon o alalahanin na kinakaharap niya.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_523-teacher_handout-1